Seksyon 4 - Mga benepisyo at serbisyo

Mga benepisyo ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Blue Shield Promise

Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)

Ang Programa ng Provisional Postpartum Care Extension ay napalitan na ng bagong Programa ng Postpartum Care Extension.

Ang Programa ng Postpartum Care Extension

Ang Programa ng Postpartum Care Extension ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Pinapalawig ng Programa ng Postpartum Care Extension ang saklaw ng Blue Shield Promise nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o status sa imigrasyon at wala nang kinakailangang gawin para rito.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), kabilang ang indibidwal na sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing, ay isang sinasaklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang o mas bata at tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital sa inpatient sa intensive care unit. Ang rWGS ay isang umuusbong na paraan ng pag-diagnose ng mga kundisyon para maiangkop ang pangangalaga sa ICU ng mga batang isang taong gulang o mas bata. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa California Children’s Services (CCS), maaaring responsibilidad ng CCS ang pagsaklaw sa pamamalagi sa ospital at sa rWGS.